# SAMPLE NA BALOTA

## at Opisyal na Pamplet ng Impormasyon ng Botante

## Marso 4, 2025

# Espesyal na Halalan

Upang hilingin ang pamplet na ito sa naa-access o nakasaling format, o para sa tulong sa pagboto, mangyaring tumawag sa 888.SMC.VOTE (888.762.8683) o mag-email sa registrar@smcacre.gov.


Ang impormasyong ukol sa halalang ito ay pinagsama-sama at ipinamahagi ng
**Opisina ng Punong Opisyal ng mga Halalan at Tagatasa-Klerk-Tagatala ng County**
40 Tower Road, San Mateo, CA 94402   Telepono:  650.312.5222   Web:  smcvote.gov
Sundan kami sa @smcvote


1F

**Espesyal na Halalan**
**Marso 4, 2025**

**Paunawa:** Kung ang taong pinangalanan sa gabay sa impormasyon ng botante ng county ay wala sa address ng tirahan, mangyaring tumulong na panatilihing kasalukuyan ang listahan ng mga botante at tipirin ang mga dolyar ng nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pagbabalik nitong gabay sa impormasyon ng botante ng county sa inyong tagapagdala ng koreo.

**POSTMASTER DELIVER TO:**


San Mateo County
Registration & Elections Division
40 Tower Road
San Mateo, CA 94402-4035


CHANGE SERVICE REQUESTED

NONPROFIT ORG.
U.S. POSTAGE
PAID
BURLINGAME, CA
PERMIT NO. 451

## Mga Mapagkukunan sa Web

**www.smcvote.gov**
Ang SMCVOTE.gov ay ang website ng Dibisyon ng Pagpaparehistro at mga Halalan ng County ng San Mateo, na nagtatampok ng impormasyon tungkol sa halalang ito, pagpaparehistro ng botante, mga opsyon sa pagboto at mga resulta ng halalan.

**www.vote411.org/california**
Ang VOTE411.org ay isang kumprehensibo, walang kinikilingang online na gabay sa pederal, estado at lokal na mga halalan sa estado ng California. Ito ay isang serbisyo na binibigay ng Pondo ng Edukasyon ng Liga ng mga Babaeng Botante sa pakikipagtulungan sa Vote Foundation ng U.S. at Ve Y Vota.

## Mga Numero ng Telepono

**Pangkalahatang Impormasyon**
650.312.5222 Telepono
650.312.5348 Fax

**Impormasyon ng Kinatawan ng Sentro ng Pagboto**
650.655.6205
Impormasyon tungkol sa mga aplikasyon, pagsasanay at pagtatalaga sa halalan ng Kinatawan ng Sentro ng Pagboto.

**Disability Rights California Voting Hotline**
888.569.7955
Bukas ang hotline mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan, bukas din ito bago ang at pagkatapos ng halalan.

**Tulong sa Wika**
888.SMC.VOTE (888.762.8683)
Walang bayad na multilingguwal na pangkalahatang impormasyon (Ingles, Tsino, Filipino at Español).

**Telecommunications Relay Service**
711
Pantulong na telephone relay service para sa mga taong may problema sa pandinig.

## Accessibility sa Pagboto

Siniyasat at pinili ang bawat Sentro ng Pagboto para sa accessibility. Kung kailangan ninyo ng karagdagang tulong, matutulungan kayo ng mga Kinatawan ng Sentro ng Pagboto sa gilid ng daan na pagboto. Kung hindi kayo makakabiyahe papunta sa isang Sentro ng Pagboto gamit ang paratransit, kukuha at magbabayad kami para sa inyong transportasyon sa loob ng County ng San Mateo.

Kung hindi ninyo magagawang markahan nang pribado at mag-isa ang inyong balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (VBM, acronym sa Ingles), maaari ninyong i-access ang Remote Accessible Vote by Mail (RAVBM) na balota online sa www.smcacre.gov/myelectioninfo o humiling ng mga serbisyo sa pagboto sa pamamagitan ng aming programang Madaling Magamit na Botohan sa Tahanan para sa mga taong may mga kapansanan.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 888.SMC.VOTE (888.762.8683) o mag-email sa registrar@smcacre.gov.

## Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante

**Hindi umabot sa huling araw ng Pebrero 18 upang magparehistro para makaboto?**
Maaari pa rin kayong bumoto sa pamamagitan ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante (CVR, acronym sa Ingles) saan mang Sentro ng Pagboto.

**Ano ang proseso?**
1. Bibigyan kayo ng isang papel na balota at CVR na sobre.
2. Magparehistro upang bumoto sa pamamagitan ng pagkumpleto sa harap ng CVR na sobre o pagsumite ng isang nakumpletong form ng pagpaparehistro.
3. Ilagay sa sobre ang binotohang balota at ihulog ito sa isang Kahong Balota. Dapat kayong bumoto gamit ang isang CVR na balota habang nasa loob ng Sentro ng Pagboto.
4. Kung kwalipikado kayong bumoto sa County ng San Mateo at hindi pa kayo nakaboto sa halalang ito, mabibilang ang inyong CVR na balota.

SAMPLE NA BALOTA

# SAMPLE NA BALOTA

**ESPESYAL NA HALALAN**


MARTES, MARSO 4, 2025

COUNTY NG SAN MATEO

CARD A

BT-1

## MGA TAGUBILIN PARA SA PAGBOTO:



- GUMAMIT LAMANG NG ITIM O MADILIM NA ASUL NA TINTA. Huwag gumamit ng pulang tinta, lapis, o iba pang kulay ng tinta.
- Upang bumoto, punan ang bilog sa kaliwa ng inyong pinili.
- Kung nagkamali kayo, tawagan ang Opisina ng mga Halalan sa 650.312.5222 upang humiling ng bagong balota, o sabihin sa isang manggagawa sa Sentro ng Pagboto.

## PANUKALANG ISINUMITE SA MGA BOTANTE

### COUNTY

**PANUKALA A**

AMYENDA SA KARTA NG COUNTY Dapat bang pagtibayin ang panukala na nag-aamyenda sa Karta ng County ng San Mateo upang gawaran ang Lupon ng mga Superbisor ng awtoridad hanggang Disyembre 31, 2028 upang tanggalin ang inihalal na Sheriff mula sa katungkulan para sa makatwirang dahilan, kabilang ang paglabag sa batas na may kaugnayan sa mga tungkulin ng Sheriff, garapal o paulit-ulit na kapabayaan sa mga tungkulin, maling paglalaan ng mga pondo ng publiko, sinadyang pagpalsipika ng mga dokumento, o paghadlang sa imbestigasyon, sa pamamagitan ng apat na-kalimang bahagi ng boto ng Lupon ng mga Superbisor, pagkatapos ng nakasulat na paunawa at isang pagkakataon na mapakinggan?

MGA TAGASUPORTA: Anna Eshoo, Kinatawan ng U.S.; Kevin Mullin, Kinatawan ng U.S.; Noelia Corzo, Superbisor; Asosasyon ng Diputadong Sheriff; Organisasyon ng mga Sarhento ng Sheriff

MGA KUMOKONTRA: Dan Stegink

- ◯ **OO**
- ◯ **HINDI**

# Panukalang Amyenda sa Karta ng County ng San Mateo

## Panukala A

AMYENDA SA KARTA NG COUNTY Dapat bang pagtibayin ang panukala na nag-aamyenda sa Karta ng County ng San Mateo upang gawaran ang Lupon ng mga Superbisor ng awtoridad hanggang Disyembre 31, 2028 upang tanggalin ang inihalal na Sheriff mula sa katungkulan para sa makatwirang dahilan, kabilang ang paglabag sa batas na may kaugnayan sa mga tungkulin ng Sheriff, garapal o paulit-ulit na kapabayaan sa mga tungkulin, maling paglalaan ng mga pondo ng publiko, sinadyang pagpalsipika ng mga dokumento, o paghadlang sa imbestigasyon, sa pamamagitan ng apat na-kalimang bahagi ng boto ng Lupon ng mga Superbisor, pagkatapos ng nakasulat na paunawa at isang pagkakataon na mapakinggan?

## Buong Teksto

**ORDINANSA NO. 4899**

**LUPON NG MGA SUPERBISOR, COUNTY NG SAN MATEO, ESTADO NG CALIFORNIA**

* * * * *

**ISANG ORDINANSA NA TUMATAWAG NG ISANG ESPESYAL NA HALALAN NA GAGANAPIN SA MARSO 4, 2025 SA BUONG COUNTY NG SAN MATEO PARA SA LAYUNIN NA PAGBOTOHAN ANG ISANG AMYENDA SA KARTA NG COUNTY NG SAN MATEO NA NAGGAGAWAD NG AWTORIDAD HANGGANG DISYEMBRE 31, 2028 UPANG TANGGALIN ANG INIHALAL NA SHERIFF PARA SA MAKATWIRANG DAHILAN, SA PAMAMAGITAN NG APAT NA-KALIMANG BAHAGI NG BOTO NG LUPON NG MGA SUPERBISOR, PAGKATAPOS NG NAKASULAT NA PAUNAWA AT ISANG PAGKAKATAON NA MAPAKINGGAN, IPINOPROKLAMA ANG NASABING ESPESYAL NA LOKAL NA PAMBUONG-COUNTY NA HALALAN ALINSUNOD SA SEKSYON 12001 NG KODIGO NG MGA HALALAN, AT HUMIHILING NA ANG HALALAN AY ISABAY SA ANUMAN AT LAHAT NG IBANG MGA HALALAN NA GAGANAPIN SA MARSO 4, 2025**

---

Ang Lupon ng mga Superbisor ng County ng San Mateo, Estado ng California, ay **NAG-OORDINA** ng mga sumusunod:

**SAMANTALANG,** ang County ng San Mateo ay isa sa 14 na county ng karta sa California at nagpatibay ng Karta ng County ng San Mateo ("Karta"), na orihinal na niratipika ng mga botante ng County ng San Mateo noong 1932; at

**SAMANTALANG**, sa ilalim ng Karta, ang Lupon ng mga Superbisor ("Lupon") ay ang namamahalang lupon ng County at, sa kapasidad na iyon, ay nagtataglay ng lahat ng kapangyarihan at tungkulin na ipinagkaloob dito ng Konstitusyon ng California, pangkalahatang batas ng California, at ng Karta, kabilang, nang walang limitasyon, ang responsibilidad na pamahalaan ang opisyal na gawain ng lahat ng opisyal at empleyado ng County upang matiyak na matapat na ginagampanan nila ang kanilang mga tungkulin; at

**SAMANTALANG**, ang Lupon sa kasalukuyan ay walang awtoridad na tanggalin ang inihalal na Sheriff, kahit sa mga kaso kung saan ang Sheriff ay gumagawa ng mga maling gawain tulad ng paglabag sa mga batas na may kaugnayan sa kanilang mga tungkulin, garapal o paulit-ulit na kapabayaan sa kanilang mga tungkulin, maling paglalaan ng mga pondo o ari-arian ng County, sinadyang pagpalsipika ng opisyal na mga pahayag o dokumento, at/o paghadlang sa opisyal na imbestigasyon sa gawain ng Sheriff at/o Opisina ng Sheriff ng County ng San Mateo; at

**SAMANTALANG**, sa ilalim ng batas, ang isang amyenda sa Karta ay maaaring imungkahi ng Lupon para sa pag-apruba ng mga botante ng County ng San Mateo sa isang espesyal na halalan na mangyayari sa susunod na itinakdang petsa ng halalan (Cal. Const. Art. 11, § 3; Kodigo ng Pamahalaan, §§ 23720, 23722; Kodigo ng Halalan, § 1000); at

**SAMANTALANG**, itinuturing ng Lupon na kailangan at mahalagang isumite sa mga kwalipikadong botante ng County ng San Mateo ang tanong sa iminumungkahing amyenda sa Karta na, kung aprubahan, ay maggagawad sa Lupon ng awtoridad na tanggalin ang inihalal na Sheriff mula sa katungkulan, para sa makatwirang dahilan, sa pamamagitan ng apat na-kalimang bahagi ng boto, pagkatapos ng isang nakasulat na paunawa at isang pagkakataon na mapakinggan ("Panukala"), sa isang espesyal na halalan na gaganapin sa Marso 4, 2025, ang susunod na itinakdang petsa ng halalan sa ilalim ng batas.

**<u>SEKSYON 1</u>. PAGTAWAG NG HALALAN AT LAYUNIN.**

Ang isang espesyal na halalan tungkol sa Panukala ay itinatawag sa pamamagitan nito, ipinoproklama, at ipinag-uutos na ganapin sa Marso 4, 2025 para sa layunin na pagbotohan ang isang iminumungkahing amyenda sa Karta.

**<u>SEKSYON 2</u>. PORMA NG TANONG SA BALOTA**

Ang porma ng tanong sa balota para sa Panukala na makikita sa balota ay ang sumusunod:

**AMYENDA SA KARTA NG COUNTY**

Dapat bang pagtibayin ang panukala na nag-aamyenda sa Karta ng County ng San Mateo upang gawaran ang Lupon ng mga Superbisor ng awtoridad hanggang Disyembre 31, 2028 upang tanggalin ang inihalal na Sheriff mula sa katungkulan para sa makatwirang dahilan, kabilang ang paglabag sa batas na may kaugnayan sa mga tungkulin ng Sheriff, garapal o paulit-ulit na kapabayaan sa mga tungkulin, maling paglalaan ng mga pondo ng publiko, sinadyang pagpalsipika ng mga dokumento, o paghadlang sa imbestigasyon, sa pamamagitan ng apat na-kalimang bahagi ng boto ng Lupon ng mga Superbisor, pagkatapos ng nakasulat na paunawa at isang pagkakataon na mapakinggan?

OO _____ HINDI ______

**<u>SEKSYON 3</u>. ANG PANUKALA.**

A. Ang Panukala, kung aprubahan ng mga botante, ay magdaragdag ng Seksyon 412.5 sa Artikulo IV ng Karta, upang mabasang gaya ng sumusunod:

***412.5. Pagtanggal sa Inihalal na Sheriff para sa Makatwirang Dahilan***

a. Ang Lupon ng mga Superbisor ay maaaring magtanggal sa isang Sheriff mula sa katungkulan para sa makatwirang dahilan, sa pamamagitan ng apat na-kalimang bahagi ng boto, pagkatapos na ang Sheriff ay:
   (1) Hainan ng isang nakasulat na pahayag ng ibinibintang na mga dahilan ng pagtanggal; at
   (2) Bigyan ng makatwirang pagkakataon na mapakinggan tungkol sa anumang paliwanag o depensa.

b. Para sa mga layunin nitong Seksyon 412.5, ang "dahilan" ay dapat mangahulugan ng anuman sa mga sumusunod:
   (1) Paglabag sa anumang batas na may kaugnayan sa pagganap ng mga tungkulin ng isang Sheriff; o
   (2) Garapal o paulit-ulit na kapabayaan sa mga tungkulin ng isang Sheriff gaya ng tinukoy ng batas; o

(3) Maling paglalaan ng mga pondo o ari-arian ng publiko gaya ng tinukoy ng batas ng California; o
(4) Sinadyang pagpalsipika ng may kaugnayang opisyal na pahayag o dokumento; o
(5) Paghadlang, gaya ng tinukoy sa pederal, Estado, o lokal na batas na angkop sa isang Sheriff, sa anumang imbestigasyon sa gawain ng isang Sheriff at/o Kagawaran ng Sheriff ng County ng San Mateo ng anumang ahensiya ng pamahalaan (kabilang ang County ng San Mateo), opisina, o komisyon na may hurisdiksyon na magsagawa ng naturang imbestigasyon.

c. Ang Lupon ng mga Superbisor ay maaaring magbigay ng mga pamamaraan kung paano dapat isagawa ang pagtanggal alinsunod sa Seksyon 412.5.

d. Itong Seksyon 412.5 ay hindi dapat ilapat upang makialam sa independiyente at ayon sa konstitusyon at itinalaga ng batas na gawain sa pag-iimbestiga ng isang Sheriff.

e. Itong Seksyon 412.5 ay dapat mawalan ng bisa at mawalan ng puwersa at epekto pagsapit ng Disyembre 31, 2028 maliban kung palawigin ng mga botante ng County ng San Mateo.

B. Ang Panukala ay magkakabisa lamang kung isumite sa mga botante sa Pambuong-county na espesyal na halalan sa Marso 4, 2025, at pagkatapos lamang aprubahan ng isang mayorya (iyon ay 50% + 1) ng mga kwalipikadong botante sa espesyal na halalan sa Panukala.

C. Kung ang Panukala ay pumasa, ang amyenda sa Karta na iminumungkahi ng Panukala ay magkakabisa gaya ng isinasaad sa mga Seksyon 23713 at 23714 ng Kodigo ng Pamahalaan.

**SEKSYON 4. LEGAL NA EPEKTO NG MGA PROBISYON NA HINDI MAIPAPATUPAD.**

Kung ang amyenda sa Karta na napapaloob sa Panukala ay ipinasyang hindi maipapatupad dahil sa mga aksyon ng anumang hukuman, batasan, o ibang katawan, o para sa anumang ibang dahilan, ang mga probisyon ng Karta na may epekto sa Marso 4, 2025 ay mananatiling may buong puwersa at epekto.

**SEKSYON 5. LEGAL NA EPEKTO NG MGA WALANG BISANG PROBISYON.**

Kung ang anumang seksyon, subseksyon, subdibisyon, talata, pangungusap, sugnay, parirala, o salita ng Panukala para sa anumang dahilan ay ipinasyang walang bisa o hindi maipapatupad, ang naturang pagiging walang bisa o hindi maipapatupad ay hindi makakaapekto sa pagiging may bisa o maipatutupad ng mga natitirang seksyon, subseksyon, subdibisyon, talata, pangungusap, sugnay, parirala, o salita ng Seksyon 412.5 ng Artikulo IV ng Karta. Ang mga botante ng County ng San Mateo ay nagdedeklara na independiyente nilang pagtitibayin ang bawat isa at bawat seksyon, subseksyon, subdibisyon, talata, pangungusap, sugnay, parirala, o salita ng Panukala na hindi idineklarang walang bisa o hindi maipapatupad, nang hindi isinasaalang-alang kung ang may isa o higit na mga seksyon, subseksyon, subdibisyon, talata, pangungusap, sugnay, parirala, o salita ng Seksyon 412.5 ng Artikulo IV ng Karta ay idineklarang walang bisa o hindi maipapatupad.

## Walang Kinikilingang Pagsusuri ng Panukala A

Ang pag-apruba sa Panukala A ("Panukala") ay mag-aamyenda sa Karta ng County ng San Mateo ("Karta") upang gawaran ang Lupon ng mga Superbisor ("Lupon") ng awtoridad na tanggalin ang Sheriff mula sa katungkulan para sa makatwirang dahilan, sa pamamagitan ng apat na-kalimang bahagi (4/5) ng boto ng Lupon. Ang Panukalang ito ay inilagay sa balota sa pamamagitan ng ordinansa at resolusyon na ipinasa ng boto ng mayorya ng Lupon.

Ang Karta ay kasalukuyang hindi nagbibigay sa Lupon ng awtoridad na tanggalin ang isang inihalal na Sheriff. Ang Panukalang ito ay maggagawad sa Lupon ng awtoridad na tanggalin ang isang inihalal na Sheriff mula sa katungkulan para sa makatwirang dahilan pagkatapos hainan ang isang Sheriff ng nakasulat na pahayag ng ipinaparatang na mga dahilan para sa pagtanggal at binigyan ng isang makatwirang pagkakataon na mapakinggan tungkol sa anumang paliwanag o depensa. Ang Panukala ay nagbibigay rin ng mga sumusunod na dahilan upang tanggalin ang inihalal na Sheriff:

(1) Paglabag sa anumang batas na may kaugnayan sa pagganap ng mga tungkulin ng isang Sheriff;
(2) Garapal o paulit-ulit na kapabayaan sa mga tungkulin ng isang Sheriff gaya ng tinukoy ng batas;
(3) Maling paglalaan ng mga pondo o ari-arian ng publiko gaya ng tinukoy ng batas ng California;
(4) Sinadyang pagpalsipika ng may kaugnayang opisyal na pahayag o dokumento; o
(5) Paghadlang, gaya ng tinukoy sa pederal, Estado, o lokal na batas na angkop sa isang Sheriff, sa anumang imbestigasyon sa gawain ng isang Sheriff at/o Kagawaran ng Sheriff ng County ng San Mateo ng anumang ahensiya ng pamahalaan (kabilang ang County ng San Mateo), opisina, o komisyon na may hurisdiksyon upang magsagawa ng naturang imbestigasyon.

Ang Lupon ay maaaring magbigay ng mga pamamaraan kung paano dapat isagawa ang pagtanggal. Kung aprubahan ng mga botante, ang mga probisyon ng pagtanggal para sa makatwirang dahilan sa Seksyon 412.5 ng Artikulo IV ng Karta ay hindi dapat ilapat upang makialam sa independiyente at ayon sa konstitusyon at itinalaga ng batas na gawain sa pag-iimbestiga ng isang Sheriff.

Ang awtoridad na iginawad ng Panukala ay mawawalan ng bisa at iba pang puwersa at epekto pagsapit ng Disyembre 31, 2028 maliban kung palawigin ng mga botante ng County ng San Mateo.

Ang Panukalang ito ay nag-aatas ng pag-apruba ng isang mayorya ng mga kwalipikadong botante na boboto sa halalan.

# Panukalang Amyenda sa Karta ng County ng San Mateo

Ang mga pangangatwiran sa pagsuporta ng o pagsalungat sa iminumungkahing mga batas ay mga opinyon ng mga may-akda.

## Pangangatwirang Pabor sa Panukala A

Bumoto ng Oo sa Panukala A upang panagutin ang sheriff. Ang kaligtasan ng publiko ay nanganganib — **kailangan nating kumilos ngayon.**

Ang mga residente ng County ng San Mateo ay karapat-dapat sa mga lider na nagtataguyod sa batas, hindi sa mga umaabuso sa kanilang kapangyarihan. Ang Panukala A ay nagbibigay ng agarang mga pagsusuri at pagbalanse sa katungkulan ng sheriff. May nakapaloob na pagtatapos ng bisa sa Disyembre 31, 2028, ito ay isang nakatuon at limitadong panahon na solusyon **upang protektahan ang ating komunidad.**

**Bumoto ng Oo upang pahintulutan ang Lupon ng mga Superbisor na tanggalin ang isang sheriff kung ito ay gumawa ng seryosong mga paglabag sa pagtitiwala ng publiko,** tulad ng paglabag sa batas, pagnanakaw ng mga pondo ng county, paulit-ulit na hindi pagganap sa mga opisyal na tungkulin, pagpalsipika ng mga dokumento, o paghadlang sa hustisya.

Ang Panukala A ay tumutugon sa isang independiyenteng ulat ng imbestigasyon na sumusuporta sa mga alegasyon na ang kasalukuyang sheriff ay lumikha ng isang gumaganti at mapang-abusong kapaligiran sa trabaho, gumamit ng racial at homophobic na pangungutya, at epektibong nagbigay ng kontrol sa opisina sa isang hindi kwalipikadong indibidwal na ang sheriff ay may hindi angkop na relasyon. **Ang mga alegasyong ito ay maaaring humantong sa milyun-milyong dolyar sa mga pananagutan at habla laban sa ating county.**

Ang mga aksyong ito ay humantong sa malawakang pagbibitiw. Lahat maliban sa isang miyembro ng pangkat ng ehekutibong pamumuno ay wala na sa kagawaran. Ang mga kinatawan sa bawat antas ng nanumpang mga tauhan ay nagkakaisang nagdeklara ng kawalan ng tiwala sa sheriff. **Paano tayo magtitiwala na pananatilihin ng sheriff na ligtas ang ating county kung ang mismong sariling pangkat ng sheriff ay hindi nagtitiwala?**

**Ang ating komunidad ay karapat-dapat sa mas mahusay na pamumuno, pananagutan, at integridad.**

Bumoto ng Oo sa Panukala A upang magbigay ng sentido-kumon na mga pagsusuri at pagbalanse laban sa hindi nasusuring awtoridad ng sheriff.

**Bumoto ng Oo upang magtatag ng pananagutan at pangangasiwa sa sheriff,** na nangangasiwa sa $300 milyon na badyet at pinagkakatiwalaan ng kaligtasan ng ating komunidad.

Samahan ang mga residente ng County ng San Mateo, mga miyembro ng opisina ng sheriff, mga tagapagtaguyod ng kaligtasan ng publiko, organisadong paggawa, at mga lider ng komunidad sa pagboto ng oo sa Panukala A.
**Dapat magkaroon ng mga kahihinatnan kung ang isang sheriff ay lumabag sa batas at pagtitiwala ng publiko.**

/I/ **Anna G. Eshoo** Disyembre 9, 2024
Miyembro ng Kongreso

/I/ **Kevin Mullin** Disyembre 8, 2024
Kinatawan ng U.S.

/I/ **Noelia Corzo-Solorzano** Disyembre 9, 2024
Superbisor ng County

/I/ **Sean Harper** Disyembre 9, 2024
Sarhento ng Sheriff, Organisasyon ng mga Sarhento ng Sheriff

/I/ **Matthew Silano** Disyembre 9, 2024
Diputadong Sheriff, Asosasyon ng Diputadong Sheriff

## Walang Pagtanggi sa Pangangatwirang Pabor sa Panukala A na Isinumite

Sadyang iniwang blangko ang kalahating pahina na ito

# Panukalang Amyenda sa Karta ng County ng San Mateo

Ang mga pangangatwiran sa pagsuporta ng o pagsalungat sa iminumungkahing mga batas ay mga opinyon ng mga may-akda.

## Pangangatwirang Laban sa Panukala A

**“BUMOTO NG HINDI sa Panukala A at protektahan ang inyong karapatang iboto ang Sheriff ng County -isang napakahalagang tungkulin para sa kaligtasan ng publiko!**

**BUMOTO NG HINDI sa Panukala A dahil**:

- **Ang Panukala A ay isang pang-aagaw ng kapangyarihang pampulitika ng ilang lokal na superbisor**, na naghahangad maghirang ng isang tagaloob na tapat sa kanila. **Ito’y HINDI tungkol sa Mabuting Pamahalaan** at ang parehong mga Superbisor ay bumoto upang bayaran ang kanilang mga sarili ng higit pa sa mga Senador ng US at maging sa mga Heneral ng militar
- **Ang Panukala A ay pagpigil sa botante, at tinatanggalan ang mga botante ng kanilang kapangyarihang maghalal ng isang independiyenteng Sheriff**, ginagawa ang ating direktang Demokrasya na isang Burukrasya kung saan ang ilang lokal na pulitiko ang gumagawa ng lahat ng tuntunin at naghihirang ng kanilang mga kaibigan sa katungkulan
- **Ang Panukala A ay isang ilegal na maniobra na hindi makakalampas sa (mga) hamon sa hukuman**, hindi tunay na sinusuportahan ng marami, sinadyang mga paglabag sa batas ng Estado, kabilang ang batas sa mga bukas na pulong na Ralph M. Brown, at **gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis ng hanggang $9.2M**

**Huwag isuko ang inyong karapatang iboto kung sino ang pinakamahusay na magpoprotekta sa inyong pamilya at komunidad, Bumoto ng HINDI sa PANUKALA A!**

**ANG INYONG Sheriff Christina Corpus ay nakagawa ng malaking progreso, kabilang ang:**

- **Walang mga pagpatay noong 2024**
- **Bumaba ang mga panggagahasa ng 26%, ang mga pagnanakaw ng 23%, ang mga pag-atake ng 40% at ninakaw na ari-arian ng 38%**
- **Ang halos pagtanggal ng pagnanakaw ng catalytic converter na nag-iwan sa maraming masisipag na pamilya, mag-aaral, at nakatatanda na hindi makapamuhay ng maayos**

**Huwag silang hayaang nakawin ang inyong boto at ang kaligtasan ng inyong pamilya-**

**Bumoto ng HINDI sa Panukala A na nagpapahina ng pagpapatupad ng batas at nakakasira sa kaligtasan ng publiko!”**

/l/ **Dan Stegink** Disyembre 10, 2024
Tagapagligtas na Maninisid

## Pagtanggi sa Pangangatwirang Laban sa Panukala A

**Bumoto ng OO sa Panukala A para sa Pananagutan**

Ang Panukala A ay kasangkapan ng ating komunidad upang ibalik ang pananagutan at tiwala sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa Lupon ng mga Superbisor na tanggalin ang sheriff dahil sa pag-abuso ng kapangyarihan, hindi etikal na pag-uugali, o matinding maling asal.

Ang isang 400-na-pahinang independiyenteng ulat ay naglalantad ng mga tunay na problema sa opisina ng sheriff, kabilang ang:

- **Isang kultura ng pananakot**: Ang mga tauhan na sumasalungat sa mga desisyon ng sheriff o nag-uulat ng masamang gawain ay humaharap sa matitinding kahihinatnan, lumilikha ng isang kultura ng pangamba at pagpapatahimik sa mga nagsasalita.
- **Mga salungatan ng interes:** Ang hindi angkop na relasyon ng sheriff sa kanyang chief of staff ay nagpapakita ng malubhang mga alalahanin sa etika at sinisira ang integridad ng kanyang pamumuno.
- **Lantarang diskriminasyon:** Ang sheriff ay nahuling gumagamit ng racist at homophobic na mga pananalita tungkol sa mga mismong komunidad na dapat na pinoprotektahan niya, sumisira ng tiwala at nagpapatuloy ng pinsala.

Mas malala, ang sheriff ay nagtulak ng walang warrant na pag-aresto sa diputadong sheriff at presidente ng unyon na si Carlos Tapia, na naglantad ng katiwalian sa loob ng opisina. Ang isang masusing imbestigasyon ng opisina ng abogado ng distrito ay nagpakita na **walang legal na batayan ang pag-aresto**, nagpasya na si Diputado Tapia ay **walang ginawang pagkakasala at hindi dapat inaresto at ikinulong.**

Ang mga aksyon na ito ay sinadyang pag-atake sa mga prinsipyo ng hustisya at pananagutan. Kailangan ng Lupon ang kapangyarihang tanggalin ang isang sheriff kung napagpasyahan na ang mga problemang ito ay nangangailangan ng pagtanggal sa kanya.

**Bumoto ng OO sa Panukala A** upang maibalik ang integridad ng opisina.

**Bumoto ng OO sa Panukala A** upang protektahan ang ating komunidad mula sa mga kasinungalingan, katiwalian, at pag-abuso ng kapangyarihan.

**Bumoto ng OO sa Panukala A** upang humingi ng pamumunong gumagana para sa atin— hindi laban sa atin.

/l/ **Diane Papan** Disyembre 15, 2024
Kinatawan ng Asembleya

/l/ **Lisa Gauthier** Disyembre 15, 2024
Miyembro ng Asembleya ng Lungsod ng East Palo Alto

/l/ **Eddie Flores** Disyembre 15, 2024
Alkalde, South San Francisco

/l/ **Kalimah Salahuddin** Disyembre 15, 2024
Pinuno ng Independiyenteng Komisyon sa Pagpapayong Sibilyan sa Opisina ng Sheriff

/l/ **Gerald “Jerry” Hill** Disyembre 15, 2024
Dating Senador ng Estado

## Mga Lokasyon ng Sentro ng Pagboto

Maaari ninyong bisitahin ang alinman sa mga sumusunod na mga accessible na Sentro ng Pagboto sa County upang magparehistro para bumoto, bumoto nang personal, ibalik ang isang binotohang balota o humiling ng pamalit na balota. Ang mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto ay maaaring magbago.

### 30 Araw: Pebrero 3 hanggang Marso 4

*Lunes hanggang Biyernes Pebrero 3 hanggang Pebrero 14, 7 araw kada linggo simula Pebrero 18*

| | | |
|---|---|---|
| **Redwood City** | Assessor-County Clerk-Recorder | 555 County Center |
| **San Mateo** | Registration & Elections Division | 40 Tower Road |

### 11 Araw: Araw-araw, Pebrero 22 hanggang Marso 4

| | | |
|---|---|---|
| **Burlingame** | Community Center, STEAM Lab | 850 Burlingame Avenue |
| **Daly City** | Bisitahin ang smcvote.gov | Bisitahin ang smcvote.gov |
| **Half Moon Bay** | Emergency Operations Center | 537 Kelly Avenue |
| **Pacifica** | Community Center, Game Room | 540 Crespi Drive |
| **San Carlos** | Library, Community Room | 610 Elm Street |
| **South San Francisco** | Public Library | 901 Civic Campus Way |

### Araw ng Halalan: Marso 4

| | | |
|---|---|---|
| **East Palo Alto** | Lewis & Joan Platt Family YMCA, Gym | 550 Bell Street |
| **Foster City** | Community Center, Wind Room | 1000 East Hillsdale Boulevard |
| **Menlo Park** | Arrillaga Family Recreation Center, Sequoia Room | 700 Alma Street |
| **Millbrae** | David J. Chetcuti Community Room | 450 Poplar Avenue |
| **Portola Valley** | Town Center, Community Hall | 765 Portola Road |
| **Redwood City** | Community Activities Building, Room 1 | 1400 Roosevelt Avenue |
| **San Bruno** | Recreation & Aquatic Center, Classroom 1 | 251 City Park Way |

# Mga Lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota

**Mga Panloob na Lokasyon** *Ang paggamit ng mga panloob na lokasyon ay batay sa oras ng pagpapatakbo ng pasilidad.*

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Atherton** | 80 Fair Oaks Lane | **Pacifica** | 170 Santa Maria Avenue |

**24-Oras mga Panlabas na Lokasyon *Drive-up na Kahong Hulugan**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Atherton** | 1000 El Camino Real | **Pacifica** | 540 Crespi Drive |
| **Belmont** | 1 Twin Pines Lane | **Pacifica** | 2212 Beach Boulevard |
| **Belmont** | 1110 Alameda de las Pulgas | **Pescadero*** | 1200 Pescadero Creek Road |
| **Brisbane** | 50 Park Place | **Portola Valley** | 765 Portola Road |
| **Burlingame** | 501 Primrose Road | **Redwood City*** | 403 Winslow Street |
| **Burlingame** | 850 Burlingame Avenue | **Redwood City** | 555 County Center |
| **Burlingame** | 1160 Broadway | **Redwood City** | 1017 Middlefield Road |
| **Colma** | 1198 El Camino Real | **Redwood City*** | 1400 Roosevelt Avenue |
| **Colma** | 1520 Hillside Boulevard | **Redwood City** | 4200 Farm Hill Boulevard |
| **Daly City** | 40 Wembley Drive | **San Bruno** | 570 Linden Avenue |
| **Daly City** | 134 Hillside Boulevard | **San Bruno** | 1555 Crystal Springs Road |
| **Daly City** | 145 Lake Merced Boulevard | **San Bruno*** | 3300 College Drive |
| **Daly City** | 333 90th Street (City Hall) | **San Carlos** | 1401 San Carlos Avenue |
| **Daly City*** | 333 90th Street (City Hall Parking Lot) | **San Mateo*** | 40 Tower Road (Parking Lot) |
| **East Palo Alto** | 2415 University Avenue | **San Mateo*** | 330 West 20th Avenue |
| **Foster City*** | 610 Foster City Boulevard | **San Mateo*** | 725 Monte Diablo Avenue |
| **Half Moon Bay** | 501 Main Street | **San Mateo** | 1530 Susan Court |
| **Hillsborough*** | 1600 Floribunda Avenue | **San Mateo*** | 1700 West Hillsdale Boulevard |
| **La Honda** | 8945 La Honda Road | **South San Francisco** | 400 Grand Avenue (City Hall) |
| **Menlo Park** | 401 Pierce Road | **South San Francisco*** | 400 Grand Avenue (City Hall Parking Lot) |
| **Menlo Park** | 410 Ivy Drive | **South San Francisco** | 901 Civic Campus Way |
| **Menlo Park** | 701 Laurel Street | **Woodside** | 2955 Woodside Road |
| **Millbrae** | 621 Magnolia Avenue | **Woodside** | 13889 Skyline Boulevard |

*Maaaring madagdagan ang mga lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota.*
*Tingnan ang www.smcvote.gov para sa mga update.*

## Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo



Ang mga balota ay ipadadala sa pamamagitan ng koreo sa lahat ng mga rehistradong botante nang hindi lalampas sa Pebrero 3.

- Maaaring tiyakin ng mga botante ang kanilang katayuan sa pagboto sa www.smcacre.gov/myelectioninfo.
- Ang mga binotohang balota ay maaaring ipadala sa pamamagitan ng koreo sa loob ng ibinigay na POSTAGE-PAID na pambalik na sobre. Ang mga balotang ipinadala sa pamamagitan ng koreo na natatakan ng koreo sa o bago ang Araw ng Halalan, sa Marso 4, ay tatanggapin kung matatanggap ito bago ang Marso 11.


## Ihulog ang Inyong Binotohang Balota



Maaaring ihulog ang mga binotohang balota sa Munisipyo/Bulwagan ng Bayan, Sentro ng Pagboto o Kahong Hulugan ng Balota sa County ng San Mateo mula Pebrero 3 hanggang Marso 4 ng 8:00 p.m. Ang mga panlabas na Kahong Hulugan ng Balota ay magbubukas simula Pebrero 3.

Ang mga lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota ay matatagpuan sa pamplet na ito, online sa www.smcvote.gov o sa pamamagitan ng pagtawag sa 650.312.5222.

## Bumoto nang Personal



Sa isang Sentro ng Pagboto, maaaring gumamit ang mga botante ng isang Ballot Marking Tablet o isang papel na balota, kumuha ng pamalit na balota o magparehistro para bumoto mula Pebrero 3 hanggang Marso 4 ng 8:00 p.m.

Matatagpuan ang mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto sa pamplet na ito, online sa www.smcvote.gov o sa pamamagitan ng pagtawag sa 650.312.5222.

## Remote Accessible Vote by Mail (RAVBM) System




Magagamit ng lahat ng mga rehistradong botante ang aming Remote Accessible Vote by Mail (RAVBM) system. Bisitahin ang www.smcacre.gov/myelectioninfo upang makuha ang link sa inyong RAVBM na balota at sundin ang mga tagubilin upang matiyak na mabilang ang inyong boto.

Markahan ang inyong balota at i-print mula sa anumang computer na may access sa internet at isang printer. Ipadala sa pamamagitan ng koreo ang inyong binotohang balota sa San Mateo County Registration & Elections Division sa 40 Tower Road, San Mateo, CA 94402 o ihulog ang inyong binotohang balota sa anumang Kahong Hulugan ng Balota o Sentro ng Pagboto.

**MAHALAGA:** Hindi maaaring i-email ang inyong balota.

# Mga Tagubilin sa Pagboto

Ang mga tagubilin sa ibaba ay tutulong sa inyong ligtas na markahan at i-print ang inyong balota sa aming accessible na mga Tablet ng Pangmarka ng Balota.




**1** Upang i-activate ang inyong balota, ipasok ang **ACTIVATION CARD**, nang nasa itaas ang panig na may arrow, sa card reader sa ibaba ng Tablet ng Pangmarka ng Balota. **Walang impormasyon ng botante o mga pinagpilian sa balota ang maiimbak sa Activation Card o sa mismong tablet.**





**2** Palitan ang wika, laki ng teksto o contrast ng screen nang ayon sa inyong kagustuhan sa pamamagitan ng pagbukas sa mga menu na nasa itaas ng kanang sulok ng screen.







**3** Gawin ang inyong mga pagpili sa pamamagitan ng pagpindot sa kahon sa tabi ng pipiliin ninyo. Upang gumawa ng pagbabago, tanggalin ang marka sa kahon at pindutin ang kahon sa tabi ng bagong pipiliin ninyo. Pindutin ang **"Susunod"** upang lumipat sa susunod na paligsahan/tanong.





**4** Kung mayroong mga karagdagang kandidato, maaari kayong mag-scroll sa listahan sa pamamagitan ng pagpindot sa **"Mag-scroll Pataas"** o **"Mag-scroll Pababa."**




**5** Upang bumoto para sa isang Isinusulat Lamang na Kandidato, pindutin ang kahon sa tabi ng **"Isinusulat Lamang."** Mayroong lalabas na screen ng keyboard upang mailagay ninyo ang pangalan ng kandidato. Pindutin ang **"Tanggapin"** kapag tapos na.




**6** Kapag nasuri na ninyo ang inyong mga pinili, pindutin ang **"I-print ang Balota"** at magpi-print ang inyong balota.




**7** Ilagay ang inyong balota sa **Lihim na Folder** at magpatuloy sa Kahon ng Balota. Ihulog ang inyong balota sa Kahon ng Balota. Ibalik ang Activation Card at Lihim na Folder sa isang Kinatawan ng Sentro ng Pagboto.

**HINDI maitatala ang inyong boto hangga't hindi ninyo inilalagay ang inyong naka-print na balota sa Kahon ng Balota.**

# Form ng Pagsasapanahon sa Pagpaparehistro ng Botante

**Kumpletuhin ang form na ito, kasama ang inyong lagda at ibalik ito sa Dibisyon ng Pagpaparehistro at mga Halalan ng County ng San Mateo:**

- Kung mali ang pagbaybay ng inyong pangalan sa label ng pamplet sa pagpapadala sa pamamagitan ng koreo,
- Kung nais ninyong baguhin ang inyong address ng tirahan o email address, o
- Para abisuhan kami tungkol sa pumanaw na botante sa inyong pamilya o sambahayan.

**Kung mayroon kayong bagong pangalan, lagda, address ng tirahan o kinakatigang partido, hindi para sa inyo ang form na ito; dapat kayong magparehistro muli.** Maaari kayong magparehistro muli online sa registertovote.ca.gov. Mayroon ding mga form ng pagpaparehistro ng botante sa Dibisyon ng Pagpaparehistro at mga Halalan ng County ng San Mateo, mga lokal na silid-aklatan, mga munisipyo/bulwagang bayan at mga post office.

## Pagsasapanahon sa Pagpaparehistro ng Botante

☐ Mali ang pagbaybay sa aking PANGALAN.

Ang tamang pagbaybay ay: ______________________

Ang maling pagbaybay ay: ______________________

☐ Mayroon akong bagong ADDRESS NA PANG-KOREO:

| | |
|---|---|
| ☐ Mangyaring dagdagan o isapanahon ang aking EMAIL ADDRESS: | ☐ Mangyaring dagdagan o isapanahon ang aking NUMERO NG TELEPONO: |
| ☐ Mangyaring alisin ang aking EMAIL ADDRESS: | ☐ Mangyaring alisin ang aking NUMERO NG TELEPONO: |

☐ BILANG KARAGDAGAN sa Ingles, mas gusto kong matanggap ang aking mga materyal sa pagboto sa: ☐ Burmese ☐ Tsino ☐ Filipino ☐ Hindi ☐ Hapon ☐ Koreano ☐ Español

## Abiso sa Pumanaw na Botante

| | |
|---|---|
| Pangalan ng Pumanaw na Botante: | Inyong Kaugnayan sa Pumanaw na Botante: |
| Petsa ng Kapanganakan ng Pumanaw na Botante: / / mm dd yyyy | Petsa ng Pagpanaw: / / mm dd yyyy |

## IMPORMASYON NG BOTANTE - Ang kahong ito ay DAPAT kumpletuhin upang matupad ang inyong kahilingan. Mangyaring i-print nang malinaw.

| | |
|---|---|
| Inyong Pangalan: | Petsa ng Kapanganakan: / / mm dd yyyy |
| Address ng Tirahan: | Telepono (opsyonal): |
| Lagda: | Petsa: |

**Ipadala sa pamamagitan ng koreo, fax, email o dalhin ang inyong nakumpletong form sa:**

San Mateo County Registration & Elections Division
40 Tower Road, San Mateo, CA 94402

Email: registrar@smcacre.gov
Fax: 650.312.5348